
# FEEDBACK MECHANISM




### ANO ANG PH-EITI FEEDBACK MECHANISM?

Ang PH-EITI Feedback Mechanism ay isang sistemang nagbibigay-daan sa mga indibidwal at organisasyon na magbigay ng puna, magdulog ng mga hinaing, at mag-ulat ng mga isyung may kaugnayan sa industriya ng pagmimina o extractives sa Pilipinas. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga stakeholder na makipagtulungan sa PH-EITI upang maitulak ang layuning makamit ang transparency at accountability sa sektor ng extractives.

### ANONG URI NG MGA ISYU ANG MAAARI KONG IULAT?

Ilang halimbawa ng mga paksang maaaring iulat ay ang mga sumusunod:


- Posibleng paglabag ng kumpanya sa mga batas o regulasyong pangkalikasan
- Mga isyung may kaugnayan sa transparency o accountability sa kitang nakuha mula sa sektor ng pagmimina
- Mga reklamo tungkol sa mga panlipunan at pangkapaligirang epekto ng mga partikular na proyekto sa pagmimina
- Mga mungkahi o rekomendasyon para mapabuti ang proseso ng EITI
- Mga kaso ng katiwalian o hindi etikal na gawain sa industriya ng pagmimina
- Paghingi ng mga impormasyon o paglilinaw sa mga datos mula sa mga report ng PH-EITI

### PAANO KO MAIUULAT ANG AKING HINAING?

Maaaring magpadala ng hinahing ang mga stakeholder gamit ang mga sumusunod na paraan:

- Online Feedback Form:
  - Mag-log on sa https://pheiti.dof.gov.ph/contact-us/
  - Punan ang form at magdagdag ng mga dokumento at litrato kung kinakailangan.
  - Ang nag-ulat ay makatatanggap ng ID number para sa kanyang ipinasang salaysay na maaaring gamitin upang masubaybayan ang status nito.
- PH-EITI Facebook Messenger:
  - Hanapin sa search bar ng facebook ang “Philippine EITI”, ang opisyal na Facebook page ng PH-EITI. Maaari ring magtungo sa https://www.facebook.com/PhilippineEITI kung gagamit ng internet browser.
  - I-click ang "Message" button at sagutan ang mga hinihinging detalye. Maaari ring magdagdag ng mga dokumento at litrato na may kinalaman sa isyu.
  - Ang nag-ulat ay makatatanggap ng ID number para sa kanyang ipinasang salaysay na maaaring gamitin upang masubaybayan ang status nito.

# FEEDBACK MECHANISM




### *ANONG IMPORMASYON ANG DAPAT KONG ILAHAD KAPAG MAGSUSUMITE NG ULAT?*

Mangyaring magbigay ng detalyadong impormasyon ukol sa ulat katulad ng:

- Mga importantent impormasyon tungkol sa ulat
- Isyu na isinusulong
- Mga tao o partidong sangkot sa isyu
- Aksyong nais makamit
- Anumang dokumento o ebidensyang maaaring sumuporta sa ulat


### *ANO ANG MANGYAYARI MATAPOS KONG ISUMITE ANG AKING ULAT?*

Pagkatapos isumite ang ulat, makatatanggap ang nagsumite ng ID number para sa kanyang ulat, na maaaring magamit upang masubaybayan ang status ng ulat. Lahat ng matatanggap na ulat, mula sa alin mang plataporma, ay ilalathala sa website ng PH-EITI sa https://pheiti.dof.gov.ph/responses-to-issues-and-concerns/. Ang status ng bawat ulat, kung ito ay pinoproseso pa o kumpleto na, ay nakalagay din sa website.
Ang bawat ulat ay susuriin at aaralin ng PH-EITI Secretariat. Kung kinakailangan, maaaring manghingi ang Secretariat ng karagdagang paliwanag o mga dokumento hinggil sa isyu. Paglilinaw na bagamat sinisikap ng PH-EITI na tugunan ang lahat ng mga hinaing, ang PH-EITI ay walang kapangyarihang solusyunan at resolbahin ang bawat ulat. Gayunpaman, ang PH-EITI ay nakatutok upang masusing masiyasat at maisulong ang proseso ng pagresolba sa mga ulat. Ang lahat ng mga ipinadalang ulat ay itinuturing kumpidensyal.

### *ANO ANG AKING AASAHAN MULA SA PH-EITI TUNGKOL SA AKING HINAING?*

Ang papel ng PH-EITI ay magsulong ng transparency at accountability sa sektorng pagmimina. Sisikapin naming ang iyong hinaing ay maayos na mapansin, masusing maimbestigahan, at maiparating sa nauukol na ahensya o stakeholder. Gayunpaman, tandaan na limitado lamang ang mandato ng PH-EITI, at kinakailangan naming makipagtulungan sa iba pang mga organisasyon o ahensya ng gobyerno upang masolusyunan ang partikular na mga isyu.

# FEEDBACK MECHANISM




### *GAANO KATAGAL BAGO MATUGUNAN ANG AKING HINAING?*

Inaasahang maisasara ang bawat ulat sa loob ng 57 araw mula sa petsa ng pagkakasumite. Ang panahong ito ay maaaring magbago depende sa klase at bigat ng isyu. Sisikapin naming mapabilis ang proseso at magbibigay ng regular na mga update ukol sa usad ng ulat. Gayunpaman, maunawaan sana na ang ilang mga ulat ay maaaring mangailangan ng mas masusing imbestigasyon, pakikipag-ugnayan sa iba't ibang stakeholder, o koordinasyon sa ibang mga ahensya. Makasisiguro ang publiko na ang PH-EITI ay nakatuon sa bawat ulat hanggang sa makamtan ang resolusyon.

*Para sa mga karagdagang tanong o paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan sa PH-EITI Secretariat sa pamamagitan ng contact details na matatagpuan sa aming website.*